**Mga Susing Pangungusap para sa 2025 International Chinese-speaking Conference**

**Ang mga kapitulo 5 hanggang 8 ng Roma ay maaaring tawaging pinakalaman ng Biblia,
ipinakikita ang buong paksa nito sa isang kongkreto at detalyadong paraan;
ang mga salitang *buhay* at *kamatayan* ay bumubuo ng dalawang magkasalungat na linya
sa mga kapitulo 5—8, nagpapakita na ang tao ay nasa isang triyanggulong sitwasyon
sa pagitan ng Diyos at ni Satanas, ng buhay at ng kamatayan.**

**Habang tinatamasa natin si Kristo sa ating mga pagdurusa,
tayo ay naliligtas sa Kanyang buhay
para sa pagsasakatuparan ng organikong gol ng dinamikong pagliligtas ng Diyos,
iyon ay ang pagbubunga at pagtatayo ng organikong Katawan ni Kristo
na nahahayag sa mga ekklesia-lokal,
kung saan natatamasa natin ang mayamang biyaya ng Panginoon
at kung saan dinudurog ng Diyos ng kapayapaan si Satanas sa ilalim ng ating mga paa
para sa Kanyang maluwalhating kahayagan
at para sa pagtatanghal ng Kanyang katagumpayan.**

**Pagkatapos makaranas ng isang wastong bautismo,
patuloy tayong lumalago sa loob at kasama si Kristo
sa wangis ng Kanyang pagkabuhay na muli, yaon ay, ang lumakad sa kabaguhan ng buhay.**

**Ang Roma 8 ay patungkol sa nagpapaloob ng lahat na Espiritung nagbibigay-buhay
bilang sukdulang kaganapan ng Tres-unong Diyos;
gagawin tayo ng Espiritung ito na katulad na katulad ni Kristo
sa buhay, kalikasan, at kahayagan.**

*© 2025 Living Stream Ministry*

**Mga Balangkas ng mga Mensahe**
**para sa International Chinese-speaking Conference**
**Pebrero 14-16, 2025**

**PANGKALAHATANG PAKSA:**
**ANG KAPITULO 5 HANGGANG 8 NG ROMA—**
**ANG PINAKALAMAN NG BIBLIA**

Mensahe Isa

# Ang Linya ng Buhay at ang Linya ng Kamatayan sa mga Kapitulo 5 hanggang 8 ng Roma

Babasahin sa Kasulatan: Roma 5:10, 12, 14, 17-18, 21; 6:4, 9, 16, 21-23; 7:5, 10, 13, 24; 8:2, 6, 10-11, 38

**I. Ang mga kapitulo 5 hanggang 8 ng Roma ay maaaring tawaging pinakalaman ng Biblia, ipinakikita ang buong paksa nito sa isang kongkreto at detalyadong paraan:**

A. Ang dalawang mahahalagang salitang ito—*buhay* at *kamatayan*—ay paulit-ulit na binabanggit sa Roma 5 hanggang 8; ang buhay (5:10, 17-18, 21; 6:4, 22-23; 7:10; 8:2, 6, 10-11, 38) at kamatayan (5:12, 14, 17, 21; 6:9, 16, 21, 23; 7:5, 10, 13, 24; 8:2, 6, 10-11, 38) ay bumubuo ng dalawang magkasalungat na linya sa mga kapitulo 5—8, ang linya ng buhay at ang linya ng kamatayan, nagpapakita na ang tao ay nasa isang triyanggulong sitwasyon sa pagitan ng Diyos at ni Satanas, ng buhay at ng kamatayan.

B. Ang puno ng buhay at ang puno ng kaalaman (ang puno ng kamatayan) ay nagreresulta sa dalawang linya—ang linya ng buhay at ang linya ng kamatayan—na bumabagtas sa buong Biblia at nagtatapos sa aklat ng Apocalipsis; ang buhay ay nagsisimula sa puno ng buhay (Gen. 2:9) at nagtatapos sa Bagong Herusalem bilang lunsod ng tubig ng buhay na may puno ng buhay (Apoc. 22:1-2), liwanag ng buhay (21:23; 22:5), at kaluwalhatian ng buhay (21:10-11, 23); ang kamatayan ay nagsisimula sa puno ng kaalaman (Gen. 2:17) at nagtatapos sa dagat-dagatang apoy (Apoc. 20:10, 14).

C. Ang kainin ang puno ng buhay, yaon ay, ang tamasahin si Kristo bilang ating panustos-buhay, ay dapat maging pangunahing bagay sa buhay-ekklesia (Gen. 2:9, 16; Apoc. 2:7); ang nilalaman ng buhay-ekklesia ay nakadepende sa pagtatamasa kay Kristo; lalo natin Siyang tinatamasa, lalong yayaman ang nilalaman.

D. Subalit ang tamasahin si Kristo ay humihiling sa atin na ibigin Siya ng unang pag-ibig; kung iiwan natin ang ating unang pag-ibig sa Panginoon, mabibigo tayong matamasa si Kristo at maiwawala ang patotoo ni Hesus; bilang resulta, ang patungan ng ilawan ay aalisin sa atin—bb. 4-7.

E. Ang mabawi ang unang pag-ibig ay ang isaalang-alang ang Panginoong Hesus bilang una sa lahat ng bagay; kung gagawin nating lahat-lahat si Kristo sa ating buhay, nangangahulugan ito na nadaig na natin ang pagkawala ng unang pag-ibig—Col. 1:18b; Juan 14:21, 23; Awit 90:1; 91:1; Fil. 3:13-14.

F. Ang pagsasalita ng Panginoon sa ekklesia sa Efeso ay maaaring maibuod sa apat na napakahalagang salita na nagsisimula sa letrang *l—love (pag-ibig), life (buhay), light (liwanag),* at *lampstand (patungan ng ilawan)*; dapat nating ibigay sa Panginoong Hesus ang pagiging higit sa lahat sa bawat paraan at sa lahat ng bagay upang mabawi ang unang pag-ibig; sa gayon matatamasa natin Siya bilang puno ng buhay, at ang buhay na ito kaagad-agad ay magiging liwanag ng buhay (Juan 8:12); pagkatapos ay magliliwanag tayo sa ating pang-araw-araw na buhay at nang sama-sama bilang patungan ng ilawan (Apoc. 2:1-7).

G. Ang masamang kalagayan ng masasama ay yaong hindi sila lumalapit sa Panginoon upang kainin at tamasahin ang Panginoon (cf. Isa. 55:1-2, 6-7; 57:20-21); gumagawa sila ng maraming bagay, ngunit hindi sila lumalapit upang kaugnayin ang Panginoon, kunin Siya, tanggapin Siya, tikman Siya, at tamasahin Siya; sa paningin ng Diyos, wala nang mas sasama pa rito (Jer. 2:13).

**II. Ngayon ang mga mananampalataya ay isang maliit na modelo ng halamanan ng Eden—ang Diyos bilang puno ng buhay ay nasa kanyang espiritu, si Satanas bilang puno ng kaalaman ay nasa kanyang laman, at ang kanyang kaisipan ay nasa pagitan *ng mga ito*; maaaring nasa espiritu tayo o nasa laman; wala tayong ikatlong lugar na mapararoonan; ito ang dahilan kaya kailangan nating ituon ang ating kaisipan sa espiritu—Roma 8:6:**

A. Ang katawan ng tao ay orihinal na dalisay, ngunit sa pamamagitan ng pagkatisod ng tao ay itinurok ni Satanas ang kanyang sarili sa tao, at ang katawan ng tao ay naging laman—Gen. 3:6; Roma 7:18a:

1. Ang ating katawan ay "ang katawan ng kasalanan" (6:6) at ang "katawan ng kamatayang ito" (7:24); ang katawan ng kasalanan ay aktibong-aktibo at punô ng lakas na magkasala sa Diyos, subalit ang katawan ng kamatayang ito ay mahina at walang lakas na kumilos upang bigyang-lugod ang Diyos (b. 18).
2. Hangga't tayo ay nabubuhay pa, hanggang sa araw ng ating pagkatubos, ang katawan ng kasalanan at kamatayan ay palagi nating kasama—cf. 8:23.
3. Ang laman ay ang "bahay-pulungan" at ang bakuran ng kasalanan, kamatayan, at ni Satanas; ang laman ay isang walang pag-asang kalagayan at hindi kailanman mapabubuti—7:17-18, 21; cf. Juan 17:15.

B. Alang-alang sa Kanyang ekonomiya, ginagamit ng Diyos sa Kanyang karunungan at pagkasoberano ang ating makasalanan, pangit na laman upang puwersahin tayong bumaling sa ating espiritu nang sa gayon ay makatamo tayo ng higit pang Espiritu para sa Kanyang pagtatayo sa pamamagitan ng paglago ng Diyos sa atin—Col. 2:19; Zac. 4:6:

1. Sa pambatas na pananalita, parehong kinondena nang minsanan si Satanas at ang ating laman sa krus (Roma 8:3; Juan 3:14; Heb. 2:14; 2 Cor. 5:21), subalit hinayaan ng Diyos na manatili ang laman sa atin upang tulungan tayo at puwersahin tayong bumaling kay Kristo sa ating espiritu at hindi na magkaroon ng pagtitiwala sa laman (Fil. 3:3).
2. Kung walang tulong na galing sa makasalanan, pangit na laman, hindi tayo magiging ganoong ka-desperadong tamuhin ang Panginoon o sanhiin Siyang maisagawa tungo sa atin—Roma 7:24-25; 8:2, 6, 13.
3. Maaaring ang gol natin ay kabanalan o espiritwalidad o katagumpayan, subalit ang gol ng Diyos ay ang isagawa ang Kanyang sarili tungo sa atin upang gawin tayong maluwalhati; madalas kapag tayo ay nasa isang mahirap na sitwasyon, mas bukás tayo sa Panginoon at mas laan na bumaling sa Kanya at hayaan Siyang isagawa ang Kanyang sarili tungo sa atin—bb. 28-29; Efe. 5:27.
4. Kung hahanapin natin Siya, kahit ang makasalanang bakuran ng laman ay magiging isang tulong sa atin sa pagtatamo sa Panginoon; dahil madalas tayong nabibigo, desperado tayong bumaling sa espiritu, at sa ganitong paraan ay nakatatamo tayo ng higit pang Espiritu—cf. Exo. 23:23, 29-30; Huk. 2:21—3:4.
5. Ang ating mga paghihirap, pagkatalo, pagkasawi, at pagkabigo ang pumupuwersa sa atin na matantong walang pag-asa sa laman; ang laman ay mabuti lamang upang puwersahin tayo na bumaling kay Kristo sa ating espiritu, upang pilitin tayong magtungo sa espiritu, upang gawin tayong desperado na pumasok sa espiritu, at upang panatilihin tayong nagbabantay na manatili sa espiritu—Mat. 26:41; Efe. 6:17-18.
6. Hindi nagpapahalaga ang Panginoon kung mayroon tayong katagumpayan o wala; nagpapahalaga lamang ang Panginoon para sa iisang bagay—na matamo natin si Kristo

bilang ang Espiritu sa pamamagitan ng pagtutuon ng ating kaisipan sa espiritu—Fil. 3:8; 2 Cor. 3:17-18; Roma 8:6.

**III. Sa Roma 5 tayo ay na kay Adam, sa Roma 6 tayo ay na kay Kristo, sa Roma 7 tayo ay nasa laman, at sa Roma 8 tayo ay nasa espiritu; ang Adam sa kapitulo 5 ay nararanasan sa laman sa kapitulo 7, at ang Kristo sa kapitulo 6 ay nararanasan sa espiritu sa kapitulo 8:**

A. Tayong mga mananampalataya sa loob ni Kristo ay may tunay at pamposisyon na paglipat mula kay Adam sa pamamagitan ng kamatayan ni Kristo at tungo kay Kristo sa pamamagitan ng Kanyang pagkabuhay na muli—6:3-8:

1. Kay Adam ay namana natin ang kasalanan na bumuo sa atin na mga makasalanan (5:12a, 19a); namana natin ang kamatayan na, sa isang panig ay nagpapahina sa atin, nagpapawalang kakayahan sa ating gumawa ng mga bagay na nagpapalugod sa Diyos, at na, sa kabilang panig ay naghahari sa atin (bb. 12b, 14a, 17a); at namana natin ang kondenasyon sa ilalim ng kautusan tungo sa kamatayan (b. 16a).
2. Kay Kristo ay napagkalooban tayo ng katuwiran, buhay, at pag-aaring-matuwid sa ilalim ng biyaya tungo sa buhay, kung saan naghahari tayo na may biyaya sa lahat ng bagay—bb. 17b, 18b, 21.

B. Tayong mga mananampalataya sa loob ni Kristo ay may praktikal at nararanasang paglipat mula sa laman (ang praktikal at nararanasang Adam) sa pamamagitan ng ating pagiging naipako sa krus kalakip ni Kristo (6:6; Gal. 2:20) at tungo sa Espiritu (ang praktikal at nararanasang Kristo) sa pamamagitan ng ating organikong pakikipag-isa kay Kristo bilang kautusan ng Espiritu ng buhay (Roma 8:2, 16a; 1 Cor. 6:17).

C. Si Kristo Mismo ang buhay ng Diyos, ang buhay na walang hanggan (Juan 14:6a; 11:25; 1 Juan 1:2); dumating Siya upang magkaroon tayo ng buhay at magkaroon nito nang sagana (Juan 10:10b); namatay Siya ng isang nagpapalaya ng buhay na kamatayan at pumasok sa isang namamahagi ng buhay na pagkabuhay na muli (12:24) upang maging ang Espiritung nagbibigay-buhay (1 Cor. 15:45b) bilang kautusan ng Espiritu ng buhay (Roma 8:2), na nagbibigay ng buhay sa ating espiritu, ating kaisipan, at ating mga katawang may kamatayan nang sa gayon tayo ay maging yaong mga nilululon ng buhay upang maghain ng buhay sa iba (bb. 10, 6, 11; 2 Cor. 5:4; 1 Juan 5:16a; Juan 6:63; Gawa 5:20).

**IV. Upang makapanatili tayo sa linya ng buhay, kailangan nating tahakin ang daan ng pagtatamasa kay Kristo bilang puno ng buhay; tingnan ang napakahalagang salamuha mula kay Kapatid Lee sa ibaba:**

## PAGTAHAK SA DAAN NG PAGTATAMASA KAY KRISTO BILANG PUNO NG BUHAY—NAPAKAHALAGANG SALAMUHA MULA KAY KAPATID LEE

**"Noong Mayo ng 1983…nagkaroon ako ng malalang kaso ng *tuberculosis*…Nakita ko ang puno ng buhay sa dalawa at kalahating taon ng aking karamdaman. Sa dalawa at kalahating taong iyon, nakita ko na sa pagbabawi ng Panginoon at sa Kanyang gawain ay kulang tayo ng buhay. Ang lahat ng uri ng suliranin, anuman ito, ay resulta ng kakulangan ng buhay. Nang makita ko ito, labis-labis akong nagsisi, marami akong ipinagtapat at nagkaroon ng puspusang pagsisisi sa harap ng Panginoon, at nagkaroon din ako ng maraming pagtutuos sa harap Niya…Ang mga mensahe hinggil sa puno ng buhay ang nagligtas sa maraming banal at nagpalaya rin sa maraming kapatid sa Nanking. Dahil sa apat na taong kaguluhan sa ekklesia sa Shanghai, ang mga banal ay napanghinaan ng loob at nalumbay sa loob ng maraming taon at hindi nakagawa ng anuman. Pinalaya ng mga mensaheng ito ang kanilang espiritu at niliwanagan ang kanilang puso…Nagpapasalamat ako sa Panginoon na sa pamamagitan ng mga**

*© 2025 Living Stream Ministry*

**mensaheng ito hinggil sa puno ng buhay, ang ekklesia sa Shanghai ay napagaling…Ang mga mensahe hinggil sa puno ng buhay ang naglatag ng pundasyon para sa pagpapanauli ng ekklesia sa Shanghai"—*The History and Revelation of the Lord's Recovery,* vol. 1, pp. 130, 133, 135, 138.**

**"Kung ninanais nating tahakin ang daan ng pagtatamasa sa Diyos, kailangan nating magkaroon ng pagbabago ng konsepto…Kung ninanais nating pumasok sa realidad ng pagtatamasa sa Diyos, kailangan nating makakita ng isang nagkokontrol na pangitain…Noong naging apatnapung taon lamang ako saka inihayag ng Panginoon sa akin ang paraan ng pagtatamasa sa Kanya. Nadismaya ako na sa loob ng dalawampung taon, marami sa aking oras at enerhiya ang nasayang. Karamihan sa aking panalangin ay walang halaga, at ang oras na ginugol ko sa pagbabasa ng Biblia at iba pang espiritwal na aklat ay wala ring halaga. Doon ko natanto na ang ating paraan ng paggawa ay mali at na ang ating paraan ng espiritwal na paghahabol ay mali rin."**

**"Dahil malaki ang nawala sa akin sa pagtahak sa maling daan, hindi ko ninanais na ulitin ng iba ang parehong pagkakamali. Umaasa ako na matatahak ng iba ang daan ng pagtatamasa sa Diyos. Nagsusumamo ako sa mga banal na huwag nang tahakin ang maling daan. Dapat nating isaalang-alang ang ating dating paraan ng paghahabol. Kailangan nating magkaroon ng matinding pagbabago ng konsepto. Kailangan nating magkaroon ng isang nagkokontrol na pangitain"—*The Vision of the Tree of Life and the Tree of the Knowledge of Good and Evil,* p. 51.**

Mensahe Dalawa

**Ang Resulta ng Ating Pagkaaring-Matuwid—
ang Ganap na Pagtatamasa sa Diyos sa loob ni Kristo bilang Ating Buhay**

Babasahin sa Kasulatan: Roma 5:1-11

**I. Ang pag-aaring-matuwid ay ang pagkilos ng Diyos sa pag-aaproba sa atin ayon sa Kanyang pamantayan ng katuwiran; ang katuwiran ng mga mananampalataya ay hindi isang kalagayan na taglay nila sa kanilang sarili kundi isang persona kung kanino sila nakahugpong, ang buháy na Kristo Mismo:**

A. Kapag sumampalataya tayo tungo kay Kristo, matatanggap natin ang pagpapatawad ng Diyos (Gawa 10:43), at maaari tayong ariing-matuwid ng Diyos (Roma 3:24, 26) sa pamamagitan ng paggawa kay Kristo na ating katuwiran at sa pamamagitan ng pagbibihis sa atin ng Kristo bilang balabal ng katuwiran (Isa. 61:10; Luc. 15:22; Jer. 23:6; Zac. 3:4).

B. Ang buhay ay ang gol ng pagliligtas ng Diyos; sa gayon, ang pag-aaring-matuwid ay "sa buhay"; sa pamamagitan ng pag-aaring-matuwid ay nakaabot tayo sa pamantayan ng katuwiran ng Diyos at tumugma rito, nang sa gayon ay maipamahagi Niya ngayon ang Kanyang buhay tungo sa atin—Roma 5:18.

**II. Ang resulta ng ating pagkaaring-matuwid ay ang ganap na pagtatamasa sa Diyos sa loob ni Kristo bilang ating buhay—bb. 1-11:**

A. Ang resulta ng ating pagkaaring-matuwid ay ikinakatawan sa anim na kahanga-hangang bagay—pag-ibig (b. 5), biyaya (b. 2), kapayapaan (b. 1), pag-asa (b. 2), buhay (b. 10), at kaluwalhatian (b. 2)—para sa ating katamasahan; inihahayag rin ng mga bersikulong ito ang Tres-unong Diyos—ang Espiritu Santo (b. 5), si Kristo (b. 6), at ang Diyos (b. 11)—para sa ating katamasahan.

B. Sa pamamagitan ng nagtutubos na kamatayan ni Kristo, tayong mga makasalanan ay inaring-matuwid ng Diyos at ipinagkasundo tayo, ang Kanyang mga kaaway, sa Kanyang sarili (bb. 1, 10-11); higit pa rito, "ang pag-ibig ng Diyos ay ibinuhos sa ating mga puso sa pamamagitan ng Espiritu Santo, na ibinigay sa atin" (b. 5):

1. Bagama't tayo ay nahihirapan, dukha, at nalulumbay, hindi natin maikakaila ang presensiya ng pag-ibig ng Diyos sa loob natin; upang makapanatili sa linya ng buhay, na siyang si Kristo Mismo (Juan 14:6a), kailangan nating panatilihin ang ating sarili sa pag-ibig ng Diyos (Jud. 20-21), na siyang Diyos Mismo (1 Juan 4:8, 16).
2. Kailangan nating paningasin ang ating espiritu ng pag-ibig na ibinigay ng Diyos nang sa gayon magkaroon tayo ng isang nagniningas na espiritu ng pag-ibig upang daigin ang pagbaba ng kasalukuyang ekklesia; ang paningasin ang ating espiritu ay ang magtatag ng kagawian na patuloy na pag-eensayo ng ating espiritu nang sa gayon ay mapanatili ang ating pakikipag-ugnayan sa Panginoon bilang ang Espiritu sa ating espiritu—2 Tim. 1:6-7; 4:22.

C. "Nakamit natin sa pamamagitan ng pananampalataya ang pagpasok sa biyayang ito kung saan tayo ay nakatayo" (Roma 5:2); yamang inaring-matuwid na tayo ng pananampalataya at nakatayo sa kinasasaklawan ng biyaya, "mayroon tayong kapayapaan sa Diyos sa pamamagitan ng ating Panginoong Hesu-Kristo" (b. 1):

1. Ang pagkakaroon ng kapayapaan "sa" Diyos ay nangangahulugang ang ating paglalakbay tungo sa Diyos sa pamamagitan ng ating pagiging inaring-matuwid mula sa pananampalataya ay hindi pa nakukumpleto, at nasa daan pa rin tayo patungo sa Diyos; ayon sa Lucas 7, sinabi ng Panginoong Hesus sa makasalanang babae, na "umibig nang labis" dahil siya ay pinatawad nang marami (bb. 47-48) upang maligtas, na "humayo…nang payapa" (b. 50, lit.).
2. Sa sandaling makapasok tayo sa pintuan ng pag-aaring-matuwid, kailangan nating lumakad sa daan ng kapayapaan (Roma 3:17); kapag itinuon natin ang ating kaisipan sa espiritu—sa

pamamagitan ng pangangalaga sa ating espiritu, paggamit sa ating espiritu, pagbibigay-pansin sa ating espiritu, pakikipag-ugnayan sa Diyos sa pamamagitan ng ating espiritu sa pakikipag-isa sa Espiritu ng Diyos, at paglakad at pamumuhay sa ating espiritu—ang ating kaisipan ay nagiging kapayapaan upang bigyan tayo ng isang panloob na damdamin ng kapahingahan, pagpapalaya, kaningningan, at kaaliwan (8:6).

**III. Sa kinasasaklawan ng biyaya, taglay natin ang Diyos bilang ating pagmamapuri at malaking kasiyahan para sa ating katamasahan at kagalakan; ang magmapuri sa loob ng Diyos ay ang "[magmapuri din] sa ating mga kapighatian, nalalamang ang kapighatian ay nagbubunga ng pagtitiis; at ang pagtitiis, ng pagiging aprobado; at ang pagiging aprobado, ng pag-asa"—5:3-4, 11:**

A. Ang kapighatian sa katunayan ay ang pagkakatawang-tao ng biyaya at ang matamis na pagbisita ng biyaya; ang tanggihan ang kapighatian ay ang tanggihan ang biyaya, na siyang Diyos bilang ating bahagi para sa ating katamasahan; pangunahin tayong binibisita ng biyaya sa anyo ng kapighatian kung saan sinasanhi ng Diyos ang lahat ng bagay (lahat ng tao, lahat ng pangyayari, lahat ng sitwasyon, lahat ng sirkumstansiya, at lahat ng kapaligiran) na sama-samang gumawa para sa ikabubuti, iyon ay ang ating higit na pagtatamo kay Kristo upang maisagawa Siya tungo sa ating katauhan, nang sa gayon ay metaboliko tayong matransporma at maiwangis sa larawan ni Kristo at sa gayon ay madala tayo tungo sa ganap na pagkaanak—2 Cor. 12:7-9; Roma 8:28-29.

B. Ang kapighatian ay nagreresulta sa pagtitiis, at ang pagtitiis ay nagbubunga ng pagiging aprobado, iyon ay nasubok na katangian at naaprobahang karapat-dapat (Fil. 2:19-22); sinasabi ni Pablo na siya at ang kanyang mga kamanggagawa ay "inaprobahan…ng Diyos na pagkatiwalaan ng ebanghelyo" (1 Tes. 2:4); patuloy na sinubok, siniyasat, at sinuri ng Diyos ang kanilang puso upang ang kanilang pagsasalita ng ebanghelyo ay hindi mula sa kanilang sarili upang bigyang-lugod ang mga tao kundi mula sa Diyos upang bigyang-lugod Siya:

1. Sinasabi sa 1 Pedro 1:7 na ang pagpapatunay ng ating pananampalataya ay "lalong mahalaga kaysa sa gintong nasisira bagama't sinusubok sa pamamagitan ng apoy," ang apoy ng mga pagsubok at mga pagdurusa; kapag ang ginto na hindi pa dinalisay ay nagdusa ng pagsunog ng nagpapadalisay na apoy, nagtatamo ito ng isang kalidad na madaling maaprobahan ng lahat—Mal. 3:3.
2. Ninanais ng Panginoon na magbayad tayo ng halaga upang tamuhin Siya bilang gintong pananampalataya sa pamamagitan ng mga nag-aapoy na pagsubok nang sa gayon ay makalahok tayo sa totoong ginto, iyon ay si Kristo Mismo bilang dibinong buhay kalakip ang dibinong kalikasan para sa pagtatayo ng Kanyang Katawan; sa gayon, maaari tayong maging isang dalisay na gintong patungan ng ilawan para sa pagtatayo ng gintong Bagong Herusalem—Apoc. 3:18; 1:20; 21:18, 23; 2 Ped. 1:4.
3. Iniisip ng ilan sa mga banal na umiibig sa Panginoon na sila ay angkop na gumawa para sa Panginoon dahil mayroon silang tiyak na dami ng buhay at liwanag, ngunit sila ay hilaw pa at kulang sa kalidad na pagiging aprobado, isang naaprobahang kalidad na nagreresulta mula sa pagtitiis sa kapighatian at pagsubok; ang kalidad na ito ang nagsasanhi sa mga taong pinaghahainan na maging masaya, nalulugod, at maginhawa.
4. Tayong lahat ay dapat manalangin, "Panginoon, pagkalooban Mo ako ng pagiging aprobado"; magbabangon sa gayon ang Panginoon ng mga sirkumstansiya na magbubunga ng pagiging aprobado para sa atin; bagama't tayo ay mga alipin ni Kristo, kulang tayo ng pagiging aprobado; binabagabag nito ang Diyos, pinipinsala tayo, at inaabala rin ang mga banal at ang sambahayan ng Diyos; sa pamamagitan ng ating liwanag at ng ating kaloob ay tinutulungan natin ang mga banal, ngunit sa kakulangan natin sa pagiging aprobado ay sinasaktan natin sila—Mat. 24:45-51.

C. Kasabay ng pagiging aprobado, mayroon tayong pag-asa (Roma 5:4), at nagmamapuri tayo dahil sa pag-asa ng kaluwalhatian ng Diyos (b. 2):

*© 2025 Living Stream Ministry*

1. Bagama’t nakatayo tayo sa biyaya at lumalakad sa kapayapaan, hindi pa tayo ganoong ganap na nasa kaluwalhatian, na siyang Diyos Mismo na nahayag: “ang aming panandaliang kagaanan ng paghihirap ay gumagawa para sa amin, higit at higit pa, ng isang walang hanggang bigat ng kaluwalhatian”—2 Cor. 4:17.
2. Tinawag tayo ng Diyos ng lahat ng biyaya tungo sa Kanyang walang hanggang kaluwalhatian sa loob ni Kristo Hesus; dito at ngayon ay tinatamasa natin si Kristo, na naninirahan sa ating espiritu, bilang ating pag-asa ng kaluwalhatian—1 Ped. 5:10; 1 Tes. 2:12; Col. 1:27; Fil. 3:21.
3. Ang Panginoon ang nagdadala sa atin, ang Kanyang maraming anak, tungo sa kaluwalhatian sa pamamagitan ng araw-araw na pagbabanal sa atin (Heb. 2:10-11), at araw-araw tayong tinatransporma mula sa isang antas ng kaluwalhatian tungo sa isa pa sa pamamagitan ng pagpapanatili sa ating mga puso na nakabaling sa Panginoon upang masdan ang kaluwalhatian ng Diyos sa mukha ni Hesu-Kristo (2 Cor. 3:16-18; 4:6b).

D. Habang tinatamasa natin si Kristo sa ating mga pagdurusa, tayo ay naliligtas sa Kanyang buhay para sa pagsasakatuparan ng organikong gol ng dinamikong pagliligtas ng Diyos, iyon ay ang pagbubunga at pagtatayo ng organikong Katawan ni Kristo na nahahayag sa mga ekklesia-lokal, kung saan natatamasa natin ang mayamang biyaya ng Panginoon at kung saan dinudurog ng Diyos ng kapayapaan si Satanas sa ilalim ng ating mga paa para sa Kanyang maluwalhating kahayagan at para sa pagtatanghal ng Kanyang katagumpayan—Roma 5:10; 12:5; 16:1, 4-5, 16, 20.

Mensahe Tatlo

## Ang Wangis ng Kamatayan at Pagkabuhay na muli ni Kristo

Babasahin sa Kasulatan: Roma 6:3-5; 5:17; Gal. 3:27

I. **"Tayong lahat na mga nabautismuhan tungo kay Kristo Hesus ay nabautismuhan tungo sa Kanyang kamatayan"—Roma 6:3:**

A. Ang bautismo ay hindi isang paraan o isang ritwal; isinasagisag nito ang ating pagkakilalang kaisa kay Kristo—b. 3.

B. Sa pamamagitan ng bautismo ay inilulubog tayo tungo kay Kristo, kinukuha Siya bilang ating kinasasaklawan, upang tayo ay maipagkaisa sa Kanya sa Kanyang kamatayan at pagkabuhay na muli.

C. Ipinanganak tayo sa kinasasaklawan ni Adam, ang unang tao (1 Cor. 15:45, 47), subalit sa pamamagitan ng bautismo ay nailipat tayo tungo sa kinasasaklawan ni Kristo (1:30; Gal. 3:27), ang ikalawang tao (1 Cor. 15:47).

D. Nang tayo ay nabautismuhan tungo kay Kristo, nabautismuhan tayo tungo sa Kanyang kamatayan—Roma 6:3.

E. Inihiwalay tayo ng Kanyang kamatayan mula sa sanlibutan at sa makasatanas na kapangyarihan ng kadiliman at tinapos ang ating natural na buhay, ang ating lumang kalikasan, ang ating sarili, ang ating laman, at kahit ang ating buong kasaysayan.

II. **"Tayo nga ay inilibing na kalakip Niya sa pamamagitan ng bautismo tungo sa Kanyang kamatayan, upang kung paanong si Kristo ay ibinangon mula sa mga patay sa pamamagitan ng kaluwalhatian ng Ama, gayundin naman tayo ay makalakad sa kabaguhan ng buhay"—b. 4:**

A. Ang ating lumang tao ay napako sa krus kalakip ni Kristo (b. 6), at nalibing ito kalakip Niya sa pamamagitan ng bautismo tungo sa kamatayan.

B. Sa natural na kinasasaklawan, namamatay muna ang isang tao at pagkatapos ay inililibing, subalit ipinahihiwatig ng salita ni Pablo na sa espiritwal na kinasasaklawan, tayo ay inililibing muna at pagkatapos ay namamatay.

C. Hindi tayo namamatay nang tuwiran; pumapasok tayo sa kamatayan ni Kristo sa pamamagitan ng bautismo.

D. Si Kristo at ang Kanyang kamatayan ay iisa.

E. Hiwalay kay Kristo ay hinding-hindi tayo mababautismuhan tungo sa Kanyang kamatayan, sapagkat ang elemento ng Kanyang mabisang kamatayan ay masusumpungan lamang sa Kanya, ang nabuhay na muli, nagpapaloob ng lahat na Isa—cf. Juan 5:29; 11:24-25; Gawa 1:22; 2:31.

F. *Ang kaluwalhatian ng Ama* sa Roma 6:4 ay tumutukoy sa pagpapakita ng pagkadibino.

G. Pagkatapos ng bautismo ay nagiging isang bagong tao tayo sa loob ng pagkabuhay na muli—Fil. 3:10.

H. Ang pagkabuhay na muli ay hindi lamang isang kalagayan sa hinaharap; ito rin ay isang kasalukuyang proseso.

I. Ang lumakad sa kabaguhan ng buhay ay nangangahulugang mabuhay ngayon sa kinasasaklawan ng pagkabuhay na muli at maghari sa buhay—Roma 6:4; 5:17.

J. Tinutuos ng ganitong uri ng pamumuhay ang lahat ng kay Adam sa loob natin hanggang sa ganap tayong matransporma at maiwangis sa larawan ni Kristo—12:2; 8:29.

III. **"Sapagkat kung lumago tayong kasama Niya sa wangis ng Kanyang kamatayan, tunay na tayo ay magkakagayon din sa wangis ng Kanyang pagkabuhay na muli"—6:5:**

A. Ang *lumago…kasama Niya* ay nangangahulugan ng isang organikong pakikipag-isa kung saan nagaganap ang paglago, nang sa gayon ay nakababahagi ang isa sa buhay at mga katangian ng iba—b. 5a.
B. Sa organikong pakikipag-isa kay Kristo, anuman ang pinagdaanan ni Kristo ay nagiging ating kasaysayan.
C. Ang Kanyang kamatayan at pagkabuhay na muli ay sa atin na ngayon dahil tayo ay nasa loob Niya at organikong nakahugpong sa Kanya; ito ang paghuhugpong—11:24.
D. Ang gayong paghuhugpong ang nag-aalis ng lahat ng negatibong elemento natin, bumubuhay-muli sa ating mga sangkap na nilikha ng Diyos, nagtataas sa ating mga sangkap, nagpapayaman sa ating mga sangkap, at tumitigmak sa ating buong katauhan upang transpormahin tayo.
E. Ang wangis ng kamatayan ni Kristo ay ang bautismong binanggit sa Roma 6:4; ang wangis ng pagkabuhay na muli ni Kristo ay ang kabaguhan ng buhay na binanggit sa bersikulo 4.
F. Ang *sa wangis ng Kanyang pagkabuhay na muli* (b. 5) ay hindi tumutukoy sa isang hinaharap, obhektibong pagkabuhay na muli kundi sa kasalukuyang proseso ng paglago.
G. Nang binautismuhan tayo, lumago tayong kasama ni Kristo sa wangis ng Kanyang kamatayan; ngayon, sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan ay lumalago tayo tungo sa Kanyang pagkabuhay na muli.
H. Kung paanong ang elemento ng kamatayan ni Kristo ay masusumpungan lamang sa Kanya, gayundin ang elemento ng pagkabuhay na muli ni Kristo ay masusumpungan lamang kay Kristo Mismo; Siya Mismo ang pagkabuhay na muli—Juan 11:25.
I. Pagkatapos maranasan ang isang wastong bautismo, patuloy tayong lumalago sa loob at kasama ni Kristo sa wangis ng Kanyang pagkabuhay na muli, yaon ay, ang lumakad sa kabaguhan ng buhay—Roma 6:4.

**IV. "[Marami]…*ang* binautismuhan tungo kay Kristo"—Gal. 3:27:**

A. May apat na aspekto ng bautismo: binautismuhan tungo sa pangalan ng Ama, Anak, at Espiritu (Mat. 28:19), binautismuhan tungo kay Kristo (Gal. 3:27), binautismuhan tungo sa kamatayan ni Kristo (Roma 6:3), at binautismuhan tungo sa Katawan ni Kristo (1 Cor. 12:13).
B. Inilalabas ng bautismo ang mga nagsisising tao sa kanilang lumang katayuan tungo sa isang bagong katayuan sa pamamagitan ng pagtatapos sa kanilang lumang buhay at pagpapasibol sa kanila na may bagong buhay ni Kristo at sa loob ni Kristo—Roma 8:2, 10.
C. Ang bautismo ay may dalawang aspekto—ang nakikitang aspekto at ang di-nakikitang aspekto:
   1. Ang nakikitang aspekto ay sa pamamagitan ng tubig, at ang di-nakikitang aspekto ay sa pamamagitan ng Espiritu Santo—Gawa 2:38, 41; 10:44-48.
   2. Kung wala ang di-nakikitang aspekto ng Espiritu, ang nakikitang aspekto sa pamamagitan ng tubig ay walang kabuluhan, at kung wala ang nakikitang aspekto sa pamamagitan ng tubig, ang di-nakikitang aspekto ng Espiritu ay abstrak at hindi praktikal; ang dalawa ay kinakailangan.
D. Ang mabautismuhan tungo sa Tres-unong Diyos ay ang mabautismuhan tungo kay Kristo—Gal. 3:27:
   1. Tayo ay mga anak ng Diyos dahil tayo ay nasa loob ni Kristo, at tayo ay nasa loob ni Kristo dahil nabautismuhan tayo tungo kay Kristo—Roma 8:10, 14; Gal. 3:26; 4:7.

*© 2025 Living Stream Ministry*

2. Ang mabautismuhan tungo kay Kristo ay ang paraan upang maging na kay Kristo—3:27.
3. Dahil nabautismuhan tayo tungo kay Kristo, tinatamasa natin ngayon ang organikong pakikipag-isa sa Kanya, na kayang transpormahin ang ating buong katauhan—Roma 12:2.
4. Napakahalaga na sa dulo ng kapitulo 3 ng Galacia ay nagtatapos si Pablo sa isang salita tungkol sa pagiging nabautismuhan tungo kay Kristo at sa pagbibihis kay Kristo—b. 27.
5. Ang katunayan na nagtatapos si Pablo sa isang salita tungkol sa bautismo ay nagpapahiwatig na kung ano ang tinalakay sa kapitulong ito ay mararanasan lamang kung tayo ay nabautismuhan tungo kay Kristo at ibinihis si Kristo—b. 27.
6. Ang lahat ng binautismuhan tungo kay Kristo ay ibinihis si Kristo—b. 27.
7. Tayo ay binautismuhan tungo kay Kristo, at ngayon ay mayroon tayong Kristo na nagtatakip sa atin.
8. Sa isang panig, sa bautismo ay inilulubog tayo tungo kay Kristo; sa kabilang panig, sa bautismo ay ibinibihis natin si Kristo.
9. Marami sa atin ang malakas na makapagpapatotoo na tayo ay nabautismuhan tungo kay Kristo at suot-suot natin Siya bilang ating damit, ating pantakip—b. 27.

Menshae Apat

# Ang Bagong Asawang lalaki

Babasahin sa Kasulatan: Roma 7:2-6

## I. Si Kristo ay ang bagong Asawang lalaki—Roma 7:2-6:

A. Bilang mga isinilang na muling tao, kapwa ang mga lalaki at babaing mananampalataya ay may Kristo bilang kanilang Asawang lalaki at bahagi ng Kanyang asawa.

B. Lahat ng tunay na Kristiyano ay may Kristo bilang kanilang Asawang lalaki, gayunma'y kaawa-awa na marami ang hindi nakaaalam tungkol sa Kanya bilang kanilang Asawang lalaki.

## II. Ang ating lumang tao, ang dating asawang lalaki, ay napako sa krus:

A. Ipinakikita ng mga bersikulo 2 hanggang 4a ang dalawang asawang lalaki:

1. Ang unang asawang lalaki, ang dating asawang lalaki, ay ang lumang tao na binanggit sa 6:6, na napako kalakip ni Kristo.
2. Ang ikalawang asawang lalaki, ang bagong asawang lalaki, na binanggit sa 7:2-4, ay si Kristo.

B. Yamang ang ating lumang tao, na siyang dating asawang lalaki, ay napako sa krus kalakip ni Kristo, tayo ay napalaya mula sa kanyang kautusan at nahugpong sa bagong Asawang lalaki, si Kristo, ang magpakailanmang buháy na Isa.

C. Bilang mga mananampalataya, mayroon tayong dalawang katayuan:

1. Ang una ay ang ating lumang katayuan bilang natisod na lumang tao, na umiwan sa orihinal na posisyon ng isang asawang babae na dumedepende sa Diyos at kinuha ang pagpapalagay sa sarili na posisyon ng asawang lalaki at ulo na hindi dumedepende sa Diyos.
2. Ang ikalawa ay ang ating bagong katayuan bilang isinilang na muling bagong tao, napanumbalik sa ating orihinal at wastong posisyon bilang tunay na asawang babae sa Diyos, dumedepende sa Kanya at kinukuha Siya bilang ating Ulo—Isa. 54:5; 1 Cor. 11:3.
3. Wala na tayong katayuan ng lumang asawang lalaki, sapagkat napako na tayo sa krus.
4. Mayroon lamang tayo ngayong bagong katayuan ng isang wastong asawang babae, kung saan kinukuha natin si Kristo bilang ating Asawang lalaki, at hindi na tayo dapat mabuhay pa ayon sa lumang tao, yaon ay, hindi na kinukuha pa ang lumang tao bilang ating asawang lalaki.

D. Yamang ang kautusan ay nilayon at ibinigay sa lumang asawang lalaki, ang lumang tao, ang kamatayan ng lumang tao ay ginawa rin tayong patay sa kautusan sa pamamagitan ng katawan ni Kristo.

## III. Ang ating lumang tao ay napako sa krus sa kautusan sa pamamagitan ng katawan ni Kristo nang sa gayon ay mapakasalan natin ang isa pang asawang lalaki, si Kristo, na ibinangon mula sa mga patay—Roma 7:4a:

A. Ipinahihiwatig ng paghuhugpong na ito na sa ating bagong katayuan bilang asawang babae, tayo ay may organikong pakikipag-isa sa persona, pangalan, buhay, at pag-iral kasama si Kristo sa Kanyang pagkabuhay na muli; ngayon ay kasal na tayo kay Kristo, ang ating bagong Asawang lalaki—2 Cor. 11:2.

B. Yamang si Kristo ay ang ating Asawang lalaki, kailangan tayong dumepende sa Kanya at kunin Siya bilang ating Ulo—Efe. 5:23:

1. Ang kunin si Kristo bilang ating Asawang lalaki ay nangangahulugang tapusin ang lahat ng kung ano tayo, mayroon tayo, at ginagawa natin at magtiwala sa Kanya para sa lahat ng bagay.
2. Ang pagkuha kay Kristo bilang ating Asawang lalaki ay nangangahulugan ding sumasampalataya tayo tungo kay Kristo.
3. Hindi na tayo dapat nabubuhay sa pamamagitan ng ating sarili kundi sa pamamagitan ni Kristo; kailangan nating hayaan si Kristo na mabuhay para sa atin.
4. Hindi na tayo ang asawang lalaki; tayo, bilang lumang tao, ay napako sa krus, at si Kristo ngayon ang ating Asawang lalaki.

C. Si Kristo ay hindi lamang ating Ulo—Siya rin ang ating persona at ating buhay—Col. 3:4.

D. Kapag sumampalataya ang isang tao at nabautismuhan tungo sa Tres-unong Diyos, nasasangkot siya sa isa pang tao; yaon ay, pinakakasalan niya ang isa pang persona, si Kristo.

**IV. Bilang asawang babae, nagbubunga tayo sa Diyos—Roma 7:4b:**

A. Kapag tayo ay nasa pagkabuhay na muli at nabubuhay tungo sa Diyos, magbubunga tayo sa Diyos.

B. Bilang isang isinilang na muling tao, bilang asawang babae, nagbubunga tayo sa Diyos; nangangahulugan ito na lahat ng bagay na ginagawa natin ay may kaugnayan ngayon sa Diyos.

C. Dito ay may malinaw tayong paghahambing sa pagitan ng kamatayan at ng Diyos.

D. Ang pariralang *magbunga sa Diyos* ay nangangahulugang naibubunga ang Diyos bilang bunga:

1. Sa gayon, lahat ng kung ano tayo at ginagawa natin ay tiyak ang Diyos na buháy.
2. Kailangan nating ibunga ang Diyos bilang pag-apaw ng Diyos; sa ganitong paraan ay mayroon tayong Diyos na buháy bilang ating bunga, at nagbubunga tayo sa Diyos.

**V. Tayo ay namatay sa kautusan na humahawak sa atin upang tayo ay mapalaya mula rito; tayo, bilang asawang babae at bagong tao, ay wala na sa ilalim ng kautusan—b. 6:**

A. Inilalarawan ng kautusan ang Diyos at ipinaliliwanag Siya—Lev. 19:2.

B. Alinsunod dito, nagbibigay ito ng marami kahilingan at kahingian sa natisod na tao, at sa paggawa niyon, kinikilala nito ang kasalanan at dinadala ang tao sa pagkaalam sa kasalanan—Roma 3:20; 4:15; 5:20.

C. Sa ganitong paraan ay kapwa nahahantad at nasusupil ng kautusan ang tao—3:19.

**VI. Bilang asawang babae, dapat din nating paglingkuran ang Panginoon sa kabaguhan ng espiritu, hindi sa kalumaan ng titik —7:6:**

A. Sa 6:4 ay mayroon tayong kabaguhan ng buhay para sa ating pamumuhay, at sa 7:6 ay mayroon tayong kabaguhan ng espiritu para sa ating paglilingkod:

1. Ang kabaguhan ng buhay ay nagmumula sa ating pagiging nakilalang kaisa sa pagkabuhay na muli ni Kristo at para sa paglakad natin sa ating pang-araw-araw na buhay.
2. Ang kabaguhan ng espiritu ay nagmumula sa pagiging napalaya natin sa kautusan at pagiging nahugpong sa nabuhay na muling Kristo at para sa ating paglilingkod sa Diyos.
3. Kapwa ang kabaguhan ng espiritu at ang kabaguhan ng buhay ay mga resulta ng pagkapako sa krus ng lumang tao.

*© 2025 Living Stream Ministry*

B. Kapwa ang kabaguhan ng buhay at kabaguhan ng espiritu ay may kaugnayan sa Espiritu:
   1. Ang kabaguhan ng buhay ay may kaugnayan kay Kristo Mismo sa Kanyang pagkabuhay na muli, na siyang Espiritung nagbibigay-buhay—1 Cor. 15:45b.
   2. Ang espiritu na nasa pariralang *kabaguhan ng espiritu* ay tumutukoy sa ating isinilang na muling pantaong espiritu, kung saan naninirahan ang Panginoon bilang Espiritu—2 Tim. 4:22:
      a. Maaari tayong maglingkod sa kabaguhan ng espiritu dahil pinabago ng Diyos ang ating espiritu.
      b. Lahat ng bagay na may kaugnayan sa ating isinilang na muling espiritu ay bago.
      c. Ang ating isinilang na muling espiritu ay isang pinagmumulan ng kabaguhan dahil ang Panginoon, ang buhay ng Diyos, at ang Espiritu Santo ay naroroon.
      d. Lahat ng bagay sa ating isinilang na muling espiritu ay bago; sa ating isinilang na muling espiritu ay walang anuman kundi kabaguhan.

C. Kailangan nating matanto na tayo, bilang bagong tao, ay napalaya mula sa kautusan ng lumang tao at ikinasal na sa ating bagong Asawang lalaki, ang nabuhay na muling Kristo, upang tayo ay magbunga sa Diyos at maglingkod sa Panginoon sa kabaguhan ng espiritu.

*© 2025 Living Stream Ministry*

Mensahe Lima

**Ang Naninirahan sa loob na Kristo**

Babasahin sa Kasulatan: Roma 8:9-11, 28-29

I. **Ang Roma 8 ay maituturing na pokus ng buong Biblia at sentro ng sansinukob; kaya, kung nararanasan natin ang Roma 8, tayo ay nasa sentro ng sansinukob.**

II. **Ang Roma 8 ay hindi isang pandoktrinang kapitulo kundi isang pangkaranasang kapitulo; nagsasalita ito hindi tungkol sa doktrina ng Trinidad kundi tungkol sa Trinidad sa karanasan ng buhay-Kristiyano.**

III. **Inihahayag ng Roma 8 na ibinibigay ng naprosesong Tres-unong Diyos bilang kautusan ng Espiritu ng buhay ang dibinong buhay sa mga mananampalataya para sa kanilang pamumuhay—bb. 2, 6, 10-11, 26-29.**

IV. **Ang Roma 8 ay may kinalaman sa nagpapaloob ng lahat na Espiritung nagbibigay-buhay bilang sukdulang kaganapan ng Tres-unong Diyos; gagawin tayo ng Espiritung ito na katulad na katulad ni Kristo sa buhay, kalikasan, at kahayagan; ito ang Roma 8.**

V. **"Kayo ay wala sa laman, kundi nasa espiritu, kung tunay na ang Espiritu ng Diyos ay naninirahan sa inyo"—b. 9a:**

A. Inihahayag ng kapitulong ito sa atin kung paano ipinamamamahagi ng Tres-unong Diyos—ang Ama (b. 15), ang Anak (bb. 3, 29, 32), at ang Espiritu (bb. 9, 11, 13-14, 16, 23, 26)—ang Kanyang sarili bilang buhay (bb. 2, 6, 10, 11) tungo sa atin, mga taong may tatlong bahagi—espiritu, kaluluwa, at katawan—upang gawin tayong Kanyang mga anak (bb. 14-15, 19, 23, 29, 17) para sa pagbubuo ng Katawan ni Kristo (12:4-5).

B. Kung pahihintulutan natin ang Espiritu ng Tres-unong Diyos na gumawa ng Kanyang tahanan sa loob natin, kung gayon sa ating karanasan ay nasa espiritu tayo at wala na sa laman.

C. Kung ganoon nga tayo, makalalaganap ang Tres-unong Diyos bilang Espiritu mula sa ating espiritu (8:10) tungo sa ating kaluluwa, na ikinakatawan ng ating kaisipan (b. 6), at sa kalaunan ay bibigyan pa Niya ng buhay ang ating katawang may kamatayan (b. 11).

VI. **"Ngunit kung ang sinuman ay walang Espiritu ni Kristo, siya ay hindi sa Kanya"—b. 9b:**

A. Ipinakikita nito na ang ating pagiging kay Kristo ay nakadepende sa Kanyang Espiritu.

B. Kung walang Espiritu ni Kristo, o kung si Kristo ay hindi ang Espiritu, magiging walang paraan upang tayo ay maihugpong sa Kanya at mapabilang sa Kanya.

C. Gayunpaman, si Kristo ay ang Espiritu (2 Cor. 3:17), at Siya ay nasa ating espiritu (2 Tim. 4:22) at kaisang espiritu natin (1 Cor. 6:17).

D. Ang Espiritu ng Diyos at Espiritu ni Kristo ay hindi dalawang Espiritu kundi isa.

E. Ginagamit ni Pablo ang mga titulong ito nang salitan, nagpapahiwatig na ang naninirahan sa loob na Espiritu ng buhay sa bersikulo 2 ng Roma 8 ay ang nagpapaloob ng lahat na Espiritung nagbibigay-buhay ng buong Tres-unong Diyos.

F. Ang Diyos, ang Espiritu, at si Kristo ay binanggit lahat sa bersikulo 9.

G. Hindi tatlo ang nasa loob natin; isa lamang, ang tres-unong Espiritu ng Tres-unong Diyos—Juan 4:24; 2 Cor. 3:17; Roma 8:11.

**VII. “Ngunit kung si Kristo ay nasa loob ninyo, bagaman ang katawan ay patay dahil sa kasalanan, ang espiritu ay buhay dahil sa katuwiran”—b. 10:**

A. Ang “si Kristo…nasa loob ninyo” ay ang mahalagang punto sa aklat ng Roma:
   1. Sa kapitulo 3 si Kristo ay nasa krus, ibinububo ang Kanyang dugo para sa ating katubusan.
   2. Sa kapitulo 4 si Kristo ay nasa pagkabuhay na muli.
   3. Sa kapitulo 6 tayo ay nasa loob ni Kristo.
   4. Sa kapitulo 8 si Kristo ay ang Espiritung nasa loob natin.

B. Bago tayo sumampalataya sa Panginoon, ang ating espiritu sa loob ay patay at ang ating katawan sa labas ay buháy.

C. Ngayong mayroon na tayong Kristo sa loob natin, bagama’t ang ating katawan sa labas ay patay dahil sa kasalanan, ang ating espiritu sa loob ay buhay dahil sa katuwiran.

D. Ang pagpasok sa atin ni Kristo bilang buhay ay naghahantad ng kamatayang sitwasyon ng ating katawan.

E. Sa ating espiritu ay si Kristo na Espiritu bilang katuwiran, na nagreresulta sa buhay; ngunit sa ating laman ay si Satanas bilang kasalanan, na nagreresulta sa kamatayan.

F. Sa pamamagitan ng pagkatisod ng tao, ang kasalanan, na nagdadala ng kamatayan kasama nito, ay pumasok sa katawan ng tao, sinasanhi itong maging patay at inutil sa mga bagay ng Diyos:
   1. Bagama’t kinondena ng Diyos ang kasalanan sa laman (b. 3), hindi pa nabunot o napuksa ang kasalanang ito mula sa natisod na katawan ng tao.
   2. Kaya, ang ating katawan ay patay pa rin.

G. Ang Espiritu sa Roma 8:10 ay ang isinilang na muling pantaong espiritu, salungat sa natisod na pantaong katawan.

H. Ang pagiging buhay ng espiritu dahil sa katuwiran ay tumutukoy sa ating pantaong espiritu, hindi sa Espiritu ng Diyos.

I. Ang ating espiritu ay hindi lamang naisilang na muli at ginawang buháy; ito ay naging buhay:
   1. Nang sumampalataya tayo kay Kristo, Siya bilang dibinong Espiritu ng buhay ay pumasok sa ating espiritu at isinama ang Kanyang sarili dito.
   2. Ang dalawang espiritu sa gayon ay naging isang espiritu—1 Cor. 6:17.

J. Sa pag-aaring-matuwid ng Diyos ay natanggap na natin ang katuwiran, na siyang Tres-unong Diyos Mismo na pumapasok sa ating katauhan, tungo sa ating espiritu—Roma 8:10:
   1. Ang katuwirang ito ay nagreresulta sa buhay—5:18, 21.
   2. Ngayon ang ating espiritu ay hindi lamang buháy bagkus ay buhay.

**VIII. “At kung ang Espiritu Niyaong nagbangon kay Hesus mula sa mga patay ay naninirahan sa inyo, Siya na nagbangon kay Kristo mula sa mga patay ay magbibigay rin ng buhay sa inyong mga katawang may kamatayan sa pamamagitan ng Kanyang Espiritung naninirahan sa loob ninyo”—8:11:**

A. Sa bersikulong ito ay mayroon tayong buong Tres-unong Diyos—“Niyaong nagbangon kay Hesus mula sa mga patay,” si “Kristo,” at ang “Kanyang Espiritung naninirahan sa loob ninyo.”

*© 2025 Living Stream Ministry*

B. Ang pamamahagi ni Kristo ng Kanyang sarili tungo sa mga mananampalataya, gaya ng ipinakita ng mga salitang *magbibigay ng buhay sa inyong mga katawang may kamatayan*, na nagpapahiwatig na ang pamamahagi ay hindi lamang nagaganap sa sentro ng ating katauhan bagkus umaabot din hanggang sa sirkumperensiya, hanggang sa ating buong katauhan.
C. Ang *magbibigay ng buhay* ay hindi tumutukoy sa dibinong pagpapagaling kundi sa resulta ng ating pagpapahintulot sa Espiritu ng Diyos na gumawa ng Kanyang tahanan sa loob natin at tigmakan ang ating buong katauhan ng dibinong buhay.
D. Sa ganitong paraan Siya nagbibigay ng Kanyang buhay sa ating may kamatayan, namamatay na katawan, hindi lamang upang pagalingin ito bagkus pasiglahin din ito upang isagawa ang Kanyang kalooban.